Mga Balangkas mula sa Emmaus Bible School

Charles Van Ryn

Salin sa Tagalog ng “Outlines from Emmaus Bible School”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

1 Corinto

Emmaus Bible School. Unang Sulat sa mga Taga-Corinto.

Pananda: a - ante (simula ng talata); m - middle (gitna); p - post (huling bahagi).

Unang Lektyur

I. Mga Panimulang Tala.

A. Ang Gawa 18 ay naglalaman ng makasaysayang ulat ng mga pagpapagal ni Pablo sa Corinto - 1½ taon at "malaong panahon", tal. 11, 18

B. Ang Corinto, kasama ng Atenas, ang dalawang pinakamahalagang lungsod ng Grecia.

1. Dahil sa kahalagahan nito bilang daungan, walang kapantay ito sa Grecia pagdating sa kalakalan.

2. Ito ay lungsod ng kayamanan, karangyaan, kalayawan, palakasan, sugal, atbp.

3. Kilalang-kilala ito sa lahat ng uri ng kasamaan.

4. Ito ay isang malaking lungsod na may halo-halong mamamayan.

C. Napakahalagang pansinin ang lahat ng sinasabi tungkol kay Pablo, ang kaniyang saloobin, mga kilos at mga pagpapagal habang nasa Corinto.

D. Ang layunin ng sulat ay hindi sinabi sa simula, kundi makikita sa kabuuan ng buong sulat.

E. Mga halimbawa ng pagtutuwid sa mga pang-aabuso, - kapwa personal at sa kapulungan.

1. Tungkol sa relihiyon at karunungan ng tao, kab. 1p at 2

2. Pagsaway sa pagkamakalaman, kab. 3 at 4

3. Pagtutuwid tungkol sa kasamaang moral, kab. 5

4. Pagsaway sa pagdedemanda, kapatid laban sa kapatid, kab. 6

F. Paliwanag tungkol sa mga bagay na hindi nauunawaan, kab. 7, 8

G. Mga turo tungkol sa kaayusan at disiplina ng iglesia, kab. 11, 14

H. Walang pagbanggit sa matatanda, mga obispo, mga diakono, atbp. Walang pagbanggit sa sinumang opisyal na pastor, guro, atbp.

I. Ang mga katotohanang inihayag dito ay angkop sa alinmang iglesia sa anumang panahon, ihambing ang 1:2; 4:17; 7:17; 11:16

Balangkas ng Unang Corinto

I. KABANATA ISA, TALATA ISA HANGGANG LABIMPITO

A. Panimula, 1-9

B. Pagkamakalaman ng mga taga-Corinto, 1:10, hanggang 4:21

C. Mga pagkakabaha-bahagi dahil sa pagtatangi sa mga lingkod, 1:10-17

II. KABANATA ISA, TALATA LABINGWALO, HANGGANG KABANATA DALAWA

A. Ang pagmamapuri sa relihiyon at karunungan ng tao, inihambing sa banal na katotohanan at karunungan, 1:18-2:16

Ikalawang Lektyur

III. KABANATA TATLO

A. Ang pagmamapuri sa mga lingkod, na nagdudulot ng pagkakabaha-bahagi, sinaway, 1-9

B. Ang pagtatayo ng iglesia, ang pinagsamang gawain ng lahat ng lingkod, bawat isa'y tatanggap ng sariling gantimpala, 10-23

1. Ang lahat ay sa Diyos, nagtitipon kay Cristo, at sa Diyos.

IV. KABANATA APAT

A. Ang lahat ng tunay na lingkod ay dapat kilalaning mga lingkod ni Cristo, 1-7

1. Huwag hatulan ang ibang lingkod hanggang sa Pagdating ng Panginoon

a. Siya ang hahatol

2. Ang pagmamapuri sa mga nakamit ng tao ay sinaway, kabaligtaran ng mga paghihirap at pag-uusig sa mga apostol, - sa isip, sa moral at sa katawan, alang-alang kay Cristo, 8-21

Ikatlong Lektyur

V. KABANATA LIMA

A. Isang kaso ng imoralidad na hinarap at itinuwid, at mga tagubilin tungkol sa wastong saloobin at pagsaway.

VI. KABANATA ANIM

A. Paraan ng pag-aayos ng mga usaping legal sa pagitan ng mga banal, 1-11

B. Ang kaso ng pakikiapid, muli, at ang kalikasan ng kasamaan ay ipinaliwanag, 12-20

1. Ang dagdag na bigat at mga bagong sangkap ng kasalanan, kung Cristiano ang gumawa.

VII. KABANATA PITO

A. Ang pag-aasawa at ang mga pananagutan, pribilehiyo at inaasahan nito, 1-9

B. Mga tagubilin kung ang isa ay hindi sumasampalataya, 10-17

C. Paliwanag sa mga Cristiano, 18-24

1. Tuli o hindi tuli

2. Alipin o malaya

D. Ang kalagayan ng mga dalaga kaugnay ng pag-aasawa, 25-40

1. Ang mga malasakit ng may asawa at walang asawa, pinaghambing

2. Ang lumilipas na kalikasan ng lahat ng bagay, kalagayan at uso sa lupa.

Ikaapat na Lektyur

VIII. KABANATA WALO

A. Kalayaang Cristiano, kaugnay ng pagkain ng karneng inihandog sa mga diyus-diyusan.

1. Roma 14, ang katulad na talata, bagaman mas pangkalahatan.

2. Sa ganang sarili, wala itong kabutihan o kahatulan sa harap ng Diyos, 8

3. Ang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa Cristiano ang tamang dahilan ng ating mga kilos, 1-3

4. Ang taong kumakain na may budhing humahatol sa kaniya ay nagkakasala, 7

5. Ang may kalayaan, kung nakatitisod sa iba, ay nagkakasala, 9-13

IX. KABANATA SIYAM

A. Kung paano dapat matugunan ang mga materyal na pangangailangan ng mga nagpapagal sa Ebanghelyo.

1. Ang huwaran ng Diyos ay ang mga mananampalataya ang mag-asikaso nito, 14

a. Mga halimbawa nito

(1) Mga kawal sa digmaan, 7a

(2) Ang kaayusan ng kalikasan, - ang may-ari ng taniman at ang magsasaka, 7-10

(3) Kautusan ni Moises - ang bakang kumakain habang gumagawa, Deut. 25:4

(4) Paglilingkod sa dambana sa L.T., 13

2. Ang pagkilos ni Pablo nang higit sa prinsipyong ito, dahil sa isang natatanging dahilan, 15

B. Ang tunay na dahilan ng pangangaral, 16-18

1. Kusang-loob, isang hangaring nagmumula sa pag-ibig, 17a

2. Isang pangangailangang iniatang kay Pablo, 16p

3. Isang pagkakatiwalang ibinigay kay Pablo, 17p

4. Hindi naniningil sa pangangaral ng Ebanghelyo, kundi umaasa ng gantimpala mula sa Diyos, 18p

C. Iniaangkop ni Pablo ang sarili sa bawat kalagayan (maliban sa paggawa ng mali) upang makahikayat ng mga kaluluwa, 19-23

D. Si Pablo ay tumatakbo para sa gantimpala, ibinubuhos ang lahat ng lakas, sinusupil o itinatabi ang bawat hadlang, 24-27

1. Wala siyang alinlangan tungkol sa kalalabasan, 26

Ikalimang Lektyur

X. KABANATA SAMPU

Ang Hebreo, kabanata 3, ay tumatalakay din sa paksang ito.

A. Isang babala mula sa kasaysayan ng Israel, 1-15

1. Laging may mga nagpapanggap lamang sa gitna ng mga tunay. Ihambing ang 2 Cor. 13:5p

a. Ang mga panlabas na pribilehiyo, o ang pakikisama sa mga nagpapakilalang mananampalataya, ay hindi patunay ng pagiging tunay, 1-4

b. Ang maraming halimbawa ng mga hindi sumasampalataya, (Heb. 3:19)

(1) Pagnanasa sa masama (ito ay isang saloobin)

(2) Pagsamba sa diyus-diyusan

(3) Pakikiapid

(4) Pagtukso kay Cristo

(5) Pagbubulung-bulong

2. Babala, 12

3. Ang Diyos ay walang sala sa kanilang kasamaan, 13

B. Ang pagkakaisa at pakikisama ng Cristiano, kabaligtaran ng Judaismo at Paganismo, 26-33

C. Ang pagkakaisa at pakikisama ay ipinapahayag sa paghahapag ng Panginoon, 16-17

D. Hindi maaaring makisama ang Cristiano sa Judaismo, paganismo at Cristianismo nang sabay-sabay, 18-21

E. Ang saloobin at kilos ng Cristiano tungkol sa pagkain ng karneng inihain sa mga diyus-diyusan, 22-23

1. Ang parehong pangkalahatang prinsipyo ang umiiral, gaya ng sa kabanata 8

a. Mga karagdagang kalagayan na hindi tinalakay sa kabanata 8, tal. 28

XI. KABANATA LABING-ISA

A. Ang kaukulang katayuan ng lalaki at babae, sa paglikha, na pinananatili sa iglesia, 1-16

1. Ang paksa ay ipinakilala sa pamamagitan ng mga sumusunod, (1-3)

(a) Isang panawagang tularan si Pablo, 1

(b) Na ingatan ang mga ordenansa, 2

(c) Paliwanag tungkol sa kaukulang katayuan ng Diyos, ni Cristo, ng lalaki, at ng babae, 3

2. Ang kaukulang lugar ay ipinapakita sa pamamagitan ng (4-7)

(a) Ang lalaking walang takip sa ulo habang nasa espirituwal na gawain sa harap ng Diyos, 4, 7

(b) Ang babaing may takip sa ulo habang nasa espirituwal na gawain, 5, 6

3. Patunay na ito ay kaayusan ng paglikha, hindi binago sa ilalim ng biyaya, 8, 9, 12

4. Ang dahilan ng turong ito ay ipinaliwanag, 7, 10

(a) Ang ulong walang takip ay tanda ng pagiging nasa ilalim ng awtoridad, 10

Paalala: Ang mga tandang ito ay dapat magpakita ng tunay na saloobin ng puso ng bawat kasarian.

5. Ang lahat ng ito ay itinakda ng Diyos, 12

6. Isang huling panawagan sa kalikasan, bilang pagpapatunay ng mga bagay na ito, 13-15

(ibig sabihin - ang kalikasan kaugnay ng tao, hindi ng mundo ng mga hayop)

7. Huling babala laban sa pakikipagtalo sa bagay na ito, 16

(Maraming aktibong pagsalungat dito sa kasaysayan ng iglesia.)

8. Ang Hapunan ng Panginoon at ang mga tuntunin sa pagdiriwang nito, 17-34

9. Ang kaguluhan at pagkakabaha-bahagi ay sinaway, 17-22

(a) Ang gayong pagtitipon ay makasasama sa halip na makabuti, 17p

(b) Ang tanging mabuting bunga ng mga hidwaan, 19

(c) Ang iba pang di-wastong gawain kaugnay ng hapunan ay inilarawan, 20-22 (tingnan din ang 33, 34)

(1) Bawat isa'y nagdala ng sariling basket

(2) Ang mga may sagana ay nagpapahiya sa mga may kaunti

(3) Tila mayroon ding labis na pagkain at pag-inom

(4) Sinasabi sa atin na ito'y kaugnay ng piging ng pag-ibig na kasabay ng Hapunan ng Panginoon.

10. Inilarawan ang wastong paraan ng pagdiriwang ng hapunan, 23-26

Paalala: Kapansin-pansin na ang ordenansang itinatag ni Cristo ay muling ibinigay sa iglesia ng niluwalhating Cristo, sa pamamagitan ni Pablo.

11. Ang pagdiriwang ng hapunan nang di-karapat-dapat ay nagdudulot ng tatlong uri ng disiplina, 27-33

(a) Kahinaan

(b) Sakit

(c) Kamatayan

Ikaanim na Lektyur

Ang mga kabanata 12 hanggang 14 ay tumatalakay sa paggamit at pag-abuso sa mga kaloob.

XII. KABANATA LABINDALAWA

A. Ang iba't ibang kaloob ng Espiritu, 1-11

1. "Tungkol sa mga kaloob na ayon sa espiritu" ang sumasaklaw sa paksa ng kabanatang ito, 1

2. Ang Espiritu ng Diyos ay nakikilala sa pagpapahayag na si Jesus ay Panginoon, 2-3

3. Pagkakaiba-iba sa mga kaloob (Espiritu), mga pangangasiwa (Panginoon), mga paggawa (Diyos), 4-6

4. Natatanging mga kaloob sa bawat isa, 7-11

(a) Bawat isa ay may kaloob, 7

(b) Hindi pare-pareho ang kaloob ng lahat, 8-10

(c) Lahat ay mula sa iisang pinagmulan, lahat ay ibinigay ng soberanong biyaya, 11

B. Ang iisang katawan, at ang natatanging katayuan at gawain ng bawat sangkap, 12-27 (Pansinin ang mga detalye rito)

1. Ang katawan, ang pagkakaisa at pagkakaiba-iba nito, 12-14

2. Ang paraan ng pagpasok dito, 13

3. Ang pagdepende ng mga sangkap sa isa't isa para sa wastong paggana ng katawan, 15-27

(a) Ang natatanging pag-iingat ng Diyos sa mahihina (22), sa mga hindi gaanong marangal (23) at sa kulang na bahagi (24).

C. Ang mga kaloob ay isinaayos ayon sa kanilang kaukulang kahalagahan at katayuan, 28-31

XIII. KABANATA LABINTATLO

A. Ang paksa ng banal na pag-ibig, - higit na mabuti kaysa lahat ng kaloob, at ang pangunahing prinsipyong dapat mag-udyok sa paggamit ng mga kaloob.

1. Ang pinakamahusay na pananalita, ang pinakadakilang kaloob, ang pinakamalalim na pang-unawa, ang pinakamahal na gawang pagkakawanggawa, ay walang pakinabang kung walang pag-ibig, 1-3

2. Ang mga katangian at ugali ng pag-ibig, negatibo at positibo, 4-7

3. Ang pananatili nito kabaligtaran ng mga kaloob, 8

4. Ang bahagya nating pagkaunawa at pagtamasa sa anumang bagay ngayon, 4-7 (kabaligtaran ng kasakdalan ng buhay na darating)

(a) Inilarawan sa pamamagitan ng pang-unawa ng bata at ng lalaking may gulang, 11

(b) Inilarawan sa pamamagitan ng pagtingin sa malabong salamin, o nang harapan, 12

(c) Pananampalataya, kabaligtaran ng paningin; pag-asa, ng pagkakamit; pag-ibig, ito lamang ang nananatili magpakailanman, 13

XIV. KABANATA LABING-APAT

A. Ang paggamit at pag-abuso sa mga kaloob na espirituwal.

1. Ang tanong, at ang kaukulang halaga, ng pagsasalita ng mga wika laban sa panghuhula, 1-33

(a) Ang pag-ibig ang may pinakamataas na lugar, sumunod ang mga kaloob na espirituwal, at ang panghuhula (uri sa B.T.) ang una sa kahalagahan, 1-2

(b) Ang panghuhula, ayon sa pagkagamit dito, ay ipinaliwanag, 3

(c) Ang ikatitibay ng iglesia ang pinakamahalaga, 3-5

(d) Ang wikang hindi kilala ay hindi nauunawaan ng iba, maliban kung ipaliwanag, 5p

(e) Inilarawan sa pamamagitan ng mga instrumento, mga tinig, mga wika, kasama ang kanilang aplikasyon, 7-12

(f) Ang kaloob ng wika ay hindi dapat gamitin, maliban kung ipaliwanag, 13-14

(1) Ang pagsasalita sa kapulungan ay dapat lamang para sa pagkakaroon ng bunga (14) at ikatitibay ng iba.

(g) Ang layunin ng paggamit ng mga wika ay kumbinsihin ang hindi sumasampalataya; ang layunin ng panghuhula ay patibayin ang mananampalataya, 21-22

(h) Ang epekto sa mga hindi sumasampalataya ng paggamit ng kaloob ng mga wika at ng panghuhula, ayon sa pagkakasunod, 23-25

(i) Ang wastong kaayusan at paggamit ng mga kaloob sa iglesia, 26-33

(1) May kalayaan ang sinumang kapatid na lalaki, at may mga hangganan din para sa lahat ng naroroon.

(1a) Hangganan ng layunin (26p) - para sa ikatitibay.

(1b) Hangganan ng bilang (27) - dalawa o tatlo.

(1c) Ito ang kaayusan ng Diyos, - anumang iba ay kaguluhan, 33

(j) Ang lugar ng babae, sa harap ng madla, o sa pangkalahatang kapulungan, ay ang pananahimik, 34-35

(k) Dagdag na pangaral na sundin ang mga tuntuning ito, 36-40

Ikapitong Lektyur

XV. KABANATA LABINLIMA

A. Ang kabanatang ito ay pagtutuwid at aral, tungkol sa pagkabuhay na muli.

1. Ito ay mahalagang bahagi ng Ebanghelyo, 1-4

2. Ang pagkabuhay na muli ay lubos na pinatunayan ng mga mapagkakatiwalaang saksi, 5-10

a. Ang mga pagpapakitang ito ay naganap sa iba't ibang pagkakataon.

b. Ang mga nakakita sa Kaniya ay mapagkakatiwalaan at marami.

c. Nakita rin ni Pablo si Cristo, at pinatunayan ang katotohanan nito sa pamamagitan ng kaniyang mga pagpapagal.

3. Kung walang pagkabuhay na muli, gaya ng sinasabi ng ilan sa kanila, (12p) sunud-sunod na mabibigat na bunga ang susunod, 12-19

a. Si Cristo ay hindi nabuhay, 13

b. Walang kabuluhan ang pangangaral, 14

c. Ang mga alagad ay mga bulaang saksi, 15

d. Tayo'y nasa ating mga kasalanan pa, 17p

e. Ang mga patay, na nasa kay Cristo, ay napahamak, 18

f. Sa lahat ng tao ay pinakakahabag-habag, 19

4. Si Cristo ay nabuhay, kaya sunud-sunod na pinagpalang bunga ang sumusunod, 20-28

a. Ang pagkabuhay na muli ni Cristo ang katiyakan na ang lahat ng mananampalataya ay bubuhaying muli, 20-23

b. [Hindi mabasa sa scan ang isang bahagi rito.] Ang Diyos ay magiging lahat sa lahat, 24-28

5. Bakit pa tayo tatayo bilang mga Cristiano, at bakit pa magtitiis alang-alang kay Cristo, kung walang pagkabuhay na muli? 28-34

6. Dalawang tanong ang iniharap: paano bubuhayin, at sa anong katawan? 35

a. Sinagot ang Tanong Blg. 1, 35-44

b. Sinagot ang Tanong Blg. 2, 35-44

c. Ang Tanging Persona na gumagawa nito, 38

7. Ang pagkakaiba-iba sa paglikha ng Diyos ay naglalarawan ng Kaniyang pagkakaiba-iba sa pagkabuhay na muli, 39-41

8. Ang nakahihigit na mga katangian ng katawang muling binuhay, 42-44

9. Ang pagkakaisa natin sa unang Adan, kabaligtaran ng pagkakaisa natin sa huling Adan, 45-50

10. Ang pagdadala paitaas, sa pagdating ni Cristo, isang paghahayag kay Pablo, - ang pagkakasunod, tagal at mga bunga nito, 51-58

11. Panawagan sa mga banal na maging tapat, 58

XVI. KABANATA LABING-ANIM

A. Mga pangkalahatang pangwakas na pananalita

1. Tungkol sa ambagan para sa mga banal sa ibang lugar, 1-4

2. Ang kaniyang balak na dalawin sila sa kaniyang paglalakbay, at panawagan para sa pakikisama, 5-9

a. Ang kaniyang paglilingkod sa Efeso sa ngayon.

3. Ang kaniyang pakiusap para kay Timoteo, Apolos, at sa sambahayan ni Estefanas, 10-16

a. Pakikisama, pagsasaalang-alang, at pagkilala.

4. Pasasalamat sa pagdating at pagtulong ng tatlong kapatid mula sa Corinto, 17-18

5. Mga huling pagbati, 19-24

Efeso

Pangkalahatang Pagtingin sa Efeso.

Makasaysayang Kaligiran

Lungsod sa baybayin ng Asia Minor - Gawa 19-20
Napakayaman at kilalang-kilala
Masigasig na nagpagal dito si Pablo, nang sarilinan at sa harap ng madla - Gawa 20:18, 20
Tatlong taon dito si Pablo (Gawa 20:31); ang unang 3 buwan ay sa sinagoga (Gawa 19:8)

PANGUNAHING BAHAGI - Doktrina - kabanata 1-3; Pamumuhay - kabanata 4-6

PANGUNAHING TEMA - ang Iglesia

Kaibahan sa Roma:

Roma - Ang tao ay lubos na nagkasala at nangangailangan ng pagpapawalang-sala
Efeso - Ang tao ay patay sa mga kasalanan at nangangailangan ng buhay
Roma - mula sa Tao (kab. 1-3) at sa kaniyang pagkakasala, patungo sa Diyos
Efeso - mula sa Diyos (kab. 1) patungo sa tao

Kaibahan sa Colosas:

Colosas - ang ulo ang tampok
Efeso - ang katawan ang tampok

Ang Sulat ay naglalaman ng katotohanan tungkol sa iglesia:

1. Ang walang hanggang mga panukala ng Diyos.

2. Nakasentro kay Cristo at sa Kaniyang gawain ng pagtubos.

3. Isinasakatuparan mula pa sa Krus hanggang sa pagbabalik ni Cristo.

4. Itinalaga sa isang walang hanggang makalangit na katayuan.

a. Ang iglesia ay nakikita bilang katawan ni Cristo 1:22, 23. Ibig sabihin nito

1. Ang Kaniyang kabuuan o kapuspusan - 1:23

2. Pagpapasakop at paggawa kaugnay ng ulo - 4:16, I Cor. 12.

b. Isang sambahayan - 2:19

1. Kaayusan, disiplina, asal (I Tim. 3:15; I Pedro 4:17).

c. Gusali o Templo

1. Tahanan ng Diyos - 2:20; II Cor. 6:16

2. Pagsamba at paglilingkod - Awit 5:7; Apoc. 7:15

d. Isang hiwaga ni Cristo

1. Isang bagong paghahayag ng Judio at Gentil na bumubuo ng iisang katawan na kaugnay ng Panginoon - 3:4-6

e. Ang kasintahang babae o asawa - 5:32

1. Ang pagkakaisa, pagkakalapit, mga pagmamahal

Kabanata 1 - Unang Bahagi

Ang iglesia ayon (kata) sa walang hanggang mga panukala ng Diyos - 1:4, 5
Sa panahon ay tinubos sa pamamagitan ng dugo ni Cristo - 1:7

Ang uri ng pagpapala nito (makalangit, tal. 3)
Ang pagiging tagapagmana nito kay Cristo, tal. 11
Tinatakan ng Espiritu Santo, tal. 13
Ang huling pagtubos nito, tal. 14

Hindi pananagutan ng tao, kundi ang plano at pagsasakatuparan ng Diyos para sa iglesia, ang paksa ng 1:1-14, mula sa walang hanggan hanggang sa ating huling pagluwalhati. Ito ay kahanga-hangang paglalahad ng Diyos. Ang Nagpapala at ang Kaniyang mga pagpapala.

Kabanata 1 - Ikalawang Bahagi

Ang panalangin ni Pablo sa Diyos ng ating Panginoong Jesucristo (ang Tao na sa Kaniya natutupad ang lahat) sa Ama ng Kaluwalhatian (ang Pinagmulan ng lahat ng kaluwalhatiang ito)

1. Upang ating mapasok - sa isip at puso - ang lahat ng pagpapalang ito ayon sa ating katayuan, at ang pag-asa - 17-19

2. Ang kadakilaan at kaluwalhatian ni Cristo tungkol sa Kaniyang mana sa mga banal

3. Ang lakas at kapangyarihan ng Diyos sa pagkabuhay na muli at pagkataas kay Cristo nang higit sa lahat ng kapangyarihan at pangalan.

Kabanata 2:1-10

Ang lalim ng kasalanan at pagkaalipin na pinagkunan sa mga kaanib ng iglesia, at ang kanilang pagkataas kay Cristo.

Mula sa:

Patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan
Ayon (kata) sa sanlibutang ito
Ayon (kata) sa nakahihigit na kapangyarihan ni Satanas
Mga Anak ng Kagalitan
Mga Anak ng Pagsuway

Tungo sa:

Buhay kasama ni Cristo, tal. 5
Kaligtasan, tal. 5
Ibinangon at pinaupong kasama ni Cristo sa sangkalangitan

Tatlong uri ng pagkaalipin - talata 1-3:

ang sanlibutan, tal. 2
si Satanas, tal. 2
ang laman, tal. 3

Sino ang gumawa nito? Ang Diyos

Sa anong mga prinsipyo?

Biyaya kabaligtaran ng mga gawa
Awa kabaligtaran ng hatol
Dakilang pag-ibig kabaligtaran ng poot, tal. 4-5

Ang Layunin:

a. Ang walang katapusang pagpapakita ng di-masukat na kayamanan ng Kaniyang Biyaya, tal. 7

b. Upang ipakita natin ang bagong buhay na ito sa mabubuting gawa, tal. 8-10

Kabanata 2:11-22

Ang katayuan ng Judio at Gentil pagkatapos ng Krus kabaligtaran ng kanilang katayuan bago ang Krus.

Mula sa Krus, ang mga mananampalatayang Judio at Gentil ay binuo sa iisang bagong tao. Iisang katawan, sambahayan, templo - 15, 19, 21

1. Ang mga Gentil noon ay nasa labas - ang mga Judio ay may pagpapala ng tipan, 11, 12

2. Ngayon ay inilapit at pinag-isa sa Judio sa iisang katawan sa pamamagitan ng natapos na pagtubos ni Cristo 13-14

3. Ang kautusan ay pinawalang-bisa ng hain ni Cristo 15

4. Paglapit sa pamamagitan ng iisang Espiritu sa Diyos bilang Ama.

5. Si Cristo ang iisang Saligan ng iglesia.

Kabanata 3:1-13

Ang Paliwanag ng hiwagang ito

1. Ipinahayag kay Pablo at sa iba 3-4 (ihambing si Bullinger)

2. Ang iglesia ay tinawag na hiwaga. 4 (Ipaliwanag)

3. Hindi nalaman hanggang sa panahon ng Bagong Tipan 5 at 9

4. Ang Judio at Gentil ay bumubuo ng iisang katawan 6 at 2:16

5. Ang layunin ay ang walang hanggang pagpapakita sa mga nilalang sa langit ng sari-saring karunungan ng Diyos

Kabanata 3:14-21

Ang panalangin ni Pablo para sa kanilang kalagayan (ihambing ang kab. 1, katayuan)

1. Lakas sa panloob na pagkatao.

2. Matibay na pagkaugat at pagkasalig (mga punongkahoy at bunga) (saligan at katatagan)

3. Makilala si Cristo sa lahat ng direksiyon sa Kaniyang kadakilaan

4. Makilala ang pag-ibig ni Cristo na di-maabot ng kaalaman

5. Malaman na kaya Niyang gawin nang higit pa sa lahat ng ating hinihingi

6. Papuri na nagtatapos sa mga bahaging pang-doktrina. Ang nilalaman nito: Walang hanggang kaluwalhatian sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, sa iglesia.

Kabanata 4:1-16

Ang pagkatawag sa iglesia 1-6
Ang mga kaloob sa iglesia 7-11
Ang layunin ng mga kaloob na ito 12-16

Ang Pagkatawag 1-6 ay sa

1. Karapat-dapat na paglakad

2. Kababaang-loob at pagtitiis (1-3)

3. Ang pagkakaisa ng Espiritu

Ang pagkakaisang ito ay banal at gawa ng Diyos 4-6

Ang mga Kaloob - 7-11

Pangkalahatan - ang kaloob na Biyaya sa bawat isa, tal. 7
Ang mga kaloob ay ibinigay ng umakyat na Cristo 8-10
Isa-isang binanggit ang mga natatanging kaloob

Ang Layunin ng mga Kaloob - 12-16

a. Para sa ikasasakdal ng mga banal

b. Ang gawain ng ministeryo (tal. 12)

c. Ang ikatitibay ng katawan ni Cristo

Ito ay dapat magbunga ng:

1. Pagkakaisa

2. Kaalaman, kasakdalan, ganap na paglago, katatagan, at normal na pag-unlad sa pamamagitan ng ambag ng bawat sangkap sa kaniyang bahagi.

Kabanata 4:17-32

Isa pang panawagan sa karapat-dapat na paglakad.

1. Hindi gaya ng ibang mga Gentil - 17-19

2. Si Cristo ang kanilang halimbawa, tal. 20

   Paghuhubad sa lumang pagkatao, ibig sabihin, ang ginagawa natin sa ating nahulog na kalagayan, tal. 22
   Pagbibihis ng bagong pagkatao, ibig sabihin, kung ano tayo sa ating ligtas na kalagayan, tal. 24

Sumunod ang isang listahan ng mga kasamaang hindi natin dapat gawin 25-29. Ilang mabubuting katangian na dapat nating isagawa 32. Ang Espiritu Santo ng Diyos ay napapighati sa ating pagkukulang, tal. 30

Kabanata 5:1-20

Pagiging alagad - ibig sabihin, mga tagatulad sa Diyos

a. Batay sa ugnayan, tal. 1

b. Halimbawa - ang pag-ibig at paghahandog ni Cristo, tal. 2

Paglayo sa mga kasamaang panlipunan - 3-5 at 18. Ang mga taong kilala sa gayong mga kasamaan ay: Walang

mana sa kaharian, tal. 5; nakalantad sa poot ng Diyos, tal. 6; mga anak ng pagsuway, tal. 6.

Sa kabaligtaran ay magbunga ng bunga ng Espiritu - positibo at negatibo, tal. 9-20

Kabanata 5:21-32

a. Pagpapasakop sa isa't isa sa takot sa Diyos, tal. 21.

b. Ang ugnayan ng mga asawang babae at mga asawang lalaki sa isa't isa.

Ipinahihiwatig ang mga kahinaan ng bawat isa.

Ang pag-aasawa ng tao ay larawan ni Cristo at ng iglesia.

Kabanata 6

6:1-9 Ang asal Cristiano sa mga ugnayan ng tao, kasunod ng kabanata 5:22

1. Mga asawang lalaki at asawang babae - 5:22-32

2. Mga anak at mga magulang - 6:1-4

3. Mga alipin at mga panginoon - 6:5-9

Pansinin ang lohikal na pagkakasunod nito. Gayundin na ang tinatawag na makamundo ay hindi hiwalay sa banal.

6:10-17 Ang Pakikipagdigma ng Cristiano. Kailangan ang buong kagayakan ng Diyos. Ang Kaaway ay si Satanas at ang kaniyang hukbo sa sangkalangitan. Sa kagayakang ito ay walang pananggalang para sa likod.

6:18-20 Panalangin at pagdaing na nagpapakita ng lubos nating pag-asa sa Diyos

6:21-24 Pangwakas na pananalita at pagbati.

2 Timoteo

Emmaus Bible School. II Timoteo.

Pananda: a - ante (simula ng talata); m - middle (gitna); p - post (huling bahagi).

I. Mga Panimulang Pananalita

A. Ang mga pangunahing pagkakaiba ng I Tim. at II Tim.

1. Ang lahat ng ikalawang sulat ay nagbibigay-diin sa Pagtalikod sa mga huling araw.

a. Ang pangunahing pagkakaiba ng I at II Tim. ay ang pagbibigay-diin sa kalagayan sa mga huling araw sa II Tim.

2. Ang mga pangaral ay mas personal, angkop sa mga araw ng paglayo.

a. Ang II Tim. ang huli sa mga Sulat ni Pablo.

3. Dito ay nakikita ang iglesia sa kaguluhan, tumatalikod sa Apostol sa kaniyang pagkatakuwil, 1:8, 15 at 4:16.

a. Kung sa unang sulat ay ilan ang naliligaw, (I Tim. 1:3, 6, 19; 4:1; 5:15, 24, 25; 6:10, 21) dito sa II Tim. ay ilan ang tapat at marami ang naliligaw.

b. Kung sa unang sulat ay mayroon tayong "bahay ng Dios" (3:15), sa ikalawang sulat ay mayroon tayong "malaking bahay" (2:20) na may kaguluhan.

4. Ang lahat ng katangiang ito ay nagpapakita na isinasaalang-alang ang paglayo sa mga huling araw at itinuturo ang landas ng "tao ng Dios."

Balangkas ng II Timoteo

I. KABANATA ISA

A. Nilalaman

1. Papuri at pangaral kay Timoteo na maging tapat sa araw ng paglayo.

2. Ang katapatan ng bawat isa ay lubhang kailangan ngayon, 8-16.

B. Panimula, 1-5

1. Ang pasasalamat at mga panalangin ni Pablo para kay Timoteo, 1-3

2. Ang malaking pagnanais ni Pablo na makita si Timoteo dahil sa kanilang pagmamahalan, 4-5

C. Mga pangaral kay Timoteo, 6-14

1. Na pukawin ang kaniyang kaloob, 6

2. Na huwag matakot dahil sa kaloob ng Diyos, 7

3. Na magkaroon ng lakas ng loob sa patotoo, 8

4. Na panghawakan ang tunay na aral sa mga salita ng Biblia, 13

5. Na ingatan ang mabuting bagay na iyon, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, 14

6. Mga pangaral batay sa kaniyang kaligtasan at pagkatawag, 9

a. Si Pablo ay halimbawa ng katapatang ipinapanawagan niya kay Timoteo, 11-12

D. Balita tungkol sa paglayo ng mga kapatid sa Asia kay Pablo, 15-18

1. Papuri kay Onesiforo dahil sa kaniyang katapatan noon.

II. KABANATA DALAWA

A. Nilalaman

1. Pangaral sa katapatan: sipag sa mabuti; pag-iwas sa walang kabuluhang kalapastanganan; paghiwalay sa kasamaan; kaamuan sa mga sumasalungat.

B. Katapatan sa Pakikipagdigma ng Cristiano, 1-7

1. Lakas sa Biyaya, 1.

2. Pagpapasa ng katotohanan sa iba, 2

3. Pagtitiis ng hirap bilang tunay na kawal Cristiano, 3-7

a. Tiyak ang gantimpala.

C. Ang katapatan at paghihirap ni Pablo sa Ebanghelyo, 8-14.

1. Tatlong dahilan

a. Katapatan kay Cristo, 13

b. Paghahari na kasama Niya, 12

c. Kaligtasan ng mga hinirang, 10.

D. Ipinag-uutos ang sipag sa "salita ng katotohanan", 15

1. Ang layunin - na hindi mapahiya at maging subok sa harap ng Diyos, 15

2. Iwasan ang kalapastanganan at walang kabuluhang pananalita sapagkat humahantong ito sa pagkaligaw at pagliligaw sa iba, 16-19

3. Ang Diyos lamang ang nakaaalam, sa huli, kung sino ang tunay.

E. Paghiwalay sa mga sisidlang walang karangalan sa malaking bahay, 20-21

F. Mga pangaral, 22-26

1. Tumakas sa masasamang pita ng kabataan

2. Sundin ang mga bunga ng Espiritu

3. Iwasan ang mga hangal na tanong at alitan

4. Turuan nang may kaamuan ang mga sumasalungat, para sa kanilang paglaya.

III. KABANATA TATLO

A. Nilalaman

1. Inilarawan ang mga huling araw at ang saloobin at kilos ng tunay na banal sa gayong kalagayan.

B. Mga huling araw - Pagtalikod, 1-8

1. Inilarawan ang mga tao sa pangkalahatan, 1-4

a. Ang paglalarawang ito ay katulad ng paglalarawan sa mga pagano. Ihambing ang Roma 1:29-31

2. Gayunman, may anyo ng kabanalan dito, 5

3. Mga hangal na babaing nabibitag ng gayong mga tao, 6

4. Sila mismo ay biktima ng panlilinlang, 7

5. Sila ay itinakuwil, hayagang mga kalaban, 8

C. Ang katapatan ni Pablo ay itinapat laban sa masasamang ito, 9-13

1. Ang mga kabutihan ay Cristiano at kabaligtaran ng kasamaan ng tao, 10

2. Ang mga pag-uusig ay kapalaran ng lahat ng namumuhay nang ganito, 11-12

3. Walang pagbangong maaasahan sa mga huling araw, 13

D. Pangaral kay Timoteo na manatili sa Banal na Kasulatan, 14-17

1. Ang turong tinanggap sa pagkabata.

2. Ang mga Kasulatan at ang kanilang pakinabang para sa kaligtasan at sa buong landas, hanggang sa kasakdalang Cristiano.

IV. KABANATA APAT

A. Nilalaman

1. Ang pananagutan ni Timoteo kaugnay ng kaniyang kaloob at ng Salita ng Diyos.

2. Ang salaysay ni Pablo tungkol sa kaniyang buhay

3. Tungkol sa ilang tao, kawalang-katapatan at katapatan; at pangwakas na pagbati.

B. Ang pananagutan ni Timoteo sa pangangaral, anuman ang kapalit, dahil sa pagpapakita ni Cristo at sa pag-alis ni Pablo, 1-8

1. Ang kahandaan ni Pablo na umalis, 6-8

2. Kasiyahan sa kaniyang nakaraang buhay, 6-8

3. Ang kaniyang gantimpala, 6-8

C. Pakiusap kay Timoteo na pumunta kay Pablo, kung maaari, 9-15

1. Balita tungkol sa ilang kasama

2. Pakiusap na dalhin ang balabal, mga aklat at mga pergamino.

D. Tungkol sa kaniyang paglilitis sa harap ng Emperador ng Roma at pagtitiwala sa Panginoon sa gitna ng lahat ng ito, 16-18.

E. Mga pagbati mula sa iba, mga balita, isang panawagang pumunta bago mag-taglamig, at pangwakas na pagpapala ang nagtatapos sa Sulat, 19-22.

Tito

Emmaus Bible School. Tito.

Pananda: a - ante (simula ng talata); m - middle (gitna); p - post (huling bahagi).

I. Mga Panimulang Pananalita

A. Si Tito ay isang Griego (Gal. 2:3) at naglakbay nang kaunti kasama ni Pablo (Tito 1:5; Gal. 2:3)

B. Ang Tito ay halos katulad ng Timoteo - ang turo ay tungkol sa kaayusan ng Iglesia.

C. Ang pagkakaiba ay nasa I Timoteo - may diin sa doktrina sa mga Kab. 1, 2, 4, at sa Tito, sa pamumuhay, katapat ng I Tim. 3, 5 at 6.

D. Si Tito ay itinalaga ni Pablo upang maglagay ng matatanda sa bawat bayan sa pulo ng Creta, 1:5

E. Ang mga tagubilin tungkol sa mga kailangan sa isang matanda ay matatagpuan sa Tito

F. Tuturuan sila ni Tito na mamuhay nang nararapat sa Ebanghelyo

Balangkas ng Tito

I. KABANATA ISA

A. Nilalaman

1. Tagubilin tungkol sa paglalagay at mga katangian ng matatanda.

B. Panimula 1-4

1. Binibigyang-diin ang "kabanalan" (pansinin kung gaano kaangkop sa praktikal na paksa). 1p

2. Dahil sa "pagasa sa buhay na walang hanggan" ay mayroon tayo ng sumusunod sa Sulat. 2

3. Si Tito ay naakay ni Pablo sa Panginoon at kasama niya sa Creta, kahit papaano. (Walang tala tungkol kay Tito sa Gawa). 4

C. Ang paglalagay ng mga Matatanda at ang kanilang mga katangian, 5-9

1. Ang kaugnayan niya sa kaniyang asawa, 6

2. Ang kaugnayan niya sa kaniyang mga anak, 6

3. Walang kapintasan, negatibo (7) at positibo (8)

4. May kaalaman sa, at tapat sa, tapat na Salita (Biblia) 9

D. Ang dahilan ng mga kuwalipikadong Matatandang ito kaugnay ng mga nanggugulo, 10-16

1. Marami ang ganito, lalo na ang mga Judio, 10

2. Ito ay pinatunayan ng isa sa kanilang sariling mga propeta, 12

3. Pinatunayan ito ni Pablo, 13

4. Ang kanilang paksa - mga katha, at mga utos ng tao, 14

5. Ang kanilang mga katangian, - suwail, mapagsalita ng walang kabuluhan, mapanlinlang (10), sinungaling, masasamang hayop, matatakaw na tamad (12).

6. Ang kanilang layunin - pakinabang na marumi

7. Ang gayon ay dapat sawayin nang mabigat, 13

8. Dapat patigilin ang kanilang bibig, 11

II. KABANATA DALAWA

A. Nilalaman

1. Isang mensahe sa bawat isa sa sambahayan ayon sa edad, upang isagawa ang tunay na aral.

B. Mga pangaral sa iba't ibang kaanib ng kapulungan, 1-10

1. Ang matatandang lalaki, 2

2. Ang matatandang babae, 3-5

3. Ang mga kabataang lalaki, 6-8

4. Ang mga alipin, 9-10

(Pansinin ang mga detalye - sa bawat isa ay kung ano ang angkop!)

C. Ang batayan ng mga pangaral na ito at ang pampalakas-loob ng Kaniyang Pagdating

1. Kaligtasan, 11

2. Kasalukuyang pananagutan sa praktikal na pamumuhay, 12

3. Ang mapalad na pag-asa ng Kaniyang Pagdating, 13

4. Isang layunin kung bakit ibinigay ni Cristo ang Kaniyang sarili ay upang magkaroon ng bayang pinabanal, 14.

III. KABANATA TATLO

A. Nilalaman

1. Ang ating kaugnayan sa mga pinuno ng mundo at sa mga tao sa pangkalahatan, at pangaral sa praktikal na Cristianismo, at pagbati, 1-7

a. Ang ating saloobin sa mga pinuno at sa mga tao sa pangkalahatan, 1-2

b. Kung ano tayo noon, 3

c. Kung ano tayo ngayon, dahil sa biyaya ng Diyos, 4-7

B. Praktikal na Cristianismo - positibo, 8

C. Praktikal na Cristianismo - negatibo, 9

D. Paano pakikitunguhan ang mga erehe, 10-11

E. Mga pakiusap tungkol sa ilang tao, 12-14

1. Pagdating, pag-alis, at pakikisama sa mga nasa gawain, 12-14

F. Pangwakas na pagbati, 15

2 Pedro

Emmaus Bible School. Ikalawang Pedro.

Pananda: a - ante (simula ng talata); m - middle (gitna); p - post (huling bahagi).

I. Mga Panimulang Pananalita

A. Nilalaman, at Layunin ng Pagsulat

1. Ang Ikalawang Sulat, gaya ng lahat ng ikalawang Sulat, ay nagsasalita tungkol sa pagtalikod at kasamaan ng mga huling araw, kasama ang pagtatapos ng Panahon ng Biyaya.

a. Inihula ng L.T. ang pagtalikod na ito (Joel 2; Zac. 12, atbp.)

b. Inihula ito ng mga Ebanghelyo (Mt. 24:38; Mk. 13:14-20, atbp.)

c. Inihula ito ni Pablo (2 Tim.; 2 Tes.)

2. Samantalang sa Unang Sulat ay binibigyang-diin ang pamamahala ng Diyos sa Kaniyang bayan; sa Ikalawang Sulat na ito ay makikita natin ang pamamahala at paghatol ng Diyos sa sanlibutan bilang pangunahing paksa.

3. Ang Layunin ng Sulat na ito - pukawin ang kanilang isip, magbabala, magpalakas-loob, mangaral, dahil sa pagdating ni Cristo, at sa pagtalikod (kab. 1:13-15; 3:1).

4. Bagaman ang Ikalawang Sulat ay tumatalakay sa pagtalikod, ang unang kabanata ay nagsasalita tungkol sa paglagong Cristiano, katiyakan, at ang pangangailangang pag-aralan ang hula. Gaano ito

kaangkop at kailangan kapag iniisip ang darating na kalagayan ng "pagtalikod" sa pananampalataya.

Balangkas ng Ikalawang Pedro

I. KABANATA ISA

A. Ang paglagong Cristiano, sa "Panloob na Pagkatao". - kab. 1

Ito ay natutupad lamang sa pamamagitan ng buong sipag sa mga bagay ng Diyos.

1. Panimula at mga pagbati - 1-2

(a) Dalawang pangunahing pagkakaiba sa pagpapakilala niya sa sarili sa I Pedro 1:1.

(1) Tinatawag niya ang sarili na "alipin" dito

(2) Isinulat sa mga nagtamo ng "mahalagang pananampalatayang gaya ng sa amin"

2. Ang parehong nilalaman ay makikita rito gaya ng sa I Ped. 1:2, kasama ang dagdag na kaisipan kung paano nakakamit ang pagpaparaming ito, - ang praktikal na panloob na pag-unlad ay nakasalig sa pagpapala ng katayuan (ihambing ang Roma 12-16 at Efeso 4-6) - 2

3. Ang lahat ng kagamitan para sa paglagong Cristiano ay lubos nang ibinigay sa mga may "mahalagang pananampalatayang" ito - 3-11

4. Ang pag-unlad na ito ng Cristiano ay nakakamit sa pagdaragdag ng mga kabutihang Cristiano isa sa isa - 5-7

5. Ang mga pagpapalang bunga nito - hindi katamaran, kundi pagkakaroon ng bunga - 8

6. Paglalarawan sa isang tunay na Cristiano na nasa di-malusog na kalagayan

(a) Walang paglago

(b) Kawalan ng pagpapahalaga sa mga kasalanang pinatawad

7. Katiyakan ng pagkatawag at pagkahirang - 10-11

(a) Iniingatan mula sa pagkatisod

(b) Isang masaganang pagpasok sa Kaharian na nakasalalay sa paglago, sipag at pagpapahalaga.

8. Ipinahayag ni Pedro ang kaniyang pananagutan at hangarin na ipaalala sa kanila ang mga bagay na ito para sa kanilang ikabubuti pagkamatay niya - 12-15.

(a) Aral: maaari tayong magkaroon ng epekto sa iba, kahit pagkamatay - (Ihambing ang Heb. 11:4p).

9. Dalawang katiyakan ng kaalaman ni Pedro, 16-21

(a) Si Pedro, kasama sina Santiago at Juan, ay nakakita ng larawan ng Kapangyarihan at pagdating ni Cristo sa pagbabagong-anyo. Ang layunin ng pangitaing iyon ay ilapit sila sa Tagapagligtas, at gaya ng nakikita rito, patunayan ang katiyakan nito - 16-18.

(b) Ang katiyakan ng salita ng hula ("lalong pinatunayan", R.V., J.N.D.) - 19-21

(1) Dalawang paliwanag ang ibinigay rito

(1a) Ang hula ay lalong pinatunayan ng pangitain sa pagbabagong-anyo at ng patotoo ni Pedro tungkol dito.

(1b) Ang mga hula sa L.T. ay mas tiyak, sa pangkalahatan, sa sinuman at bawat banal kaysa sa ulat na ibinigay ni Pedro tungkol sa kanilang sariling pangitain.

(2a) Ang lahat ng hula ay nagkakaisa at nagkakasundo sa mensahe nito.

(2b) Ang Espiritu Santo ang kumasihan sa hula.

II. KABANATA DALAWA

A. Ang pagpasok ng mga bulaang guro at ang nakatatakot na bunga ng kanilang turo sa mga nabitag nila.

1. Ang mga bulaang guro ng Cristianismo ay may huwaran sa mga bulaang propeta ng L.T. - walang bago. (Binanggit sila ni Pablo, Gawa 20:29-30; gayundin si Juan, I Juan 2:18; tinukoy sila ni Judas - Judas tal. 4, lalo na ang "lihim na nagsipasok" - pansinin: Hindi isang harapang pagsalakay) - 1-3.

a. Sila ay aktibo

b. Ang kanilang turo, mga mapanirang erehiya

c. "Na itinatatwa pati ang Panginoong sa kanila'y bumili"

d. Ang kanilang paraan, "lihim", ibig sabihin "sa tagiliran".

e. Ang bunga ng kanilang impluwensya, "marami ang magsisisunod"

f. Bunga: ang katotohanan ay "pagsasalitaan ng masama".

g. Ginagawang "kalakal" ang mga mananampalataya.

2. Ang kanilang huling paghuhukom ay nasa isip ng Diyos - 3p-9

a. Tatlong halimbawa mula sa nakaraan ang inilahad, upang tiyakin ang katotohanang ito, at upang balaan ang mga tao (Pansinin: ibinigay ayon sa pagkakasunod ng panahon) - 4-6p.

(1) Ang mga anghel - iyon ay bago pa ang paglitaw ng tao. Ihambing ang Judas 6

(2) Ang sanlibutan ng mga makasalanan sa panahon ni Noe.

(3) Ang mga lungsod ng Sodoma at Gomorra

(4) Sa bawat isa sa tatlong halimbawang ito ay may ilang "iningatan" (mga hinirang na anghel, si Noe, ang matuwid na si Lot) - 7-9

(a) Si Lot ay tinawag na "matuwid" - 7-8

(b) Si Lot ay tinawag na "maka-Diyos" - 9

Paalala: Tungkol kay Lot, nagkaroon ng walang katapusang pagtatalo tungkol sa kaniyang kaligtasan at mayroon pa hanggang ngayon, sa kabila ng patotoo ng Salita ng Diyos.

3. May ilang iniharap sa atin na lalo nang itinakda sa paghatol na ito. (Itinuturo ng Salita na ang lahat ay hahatulan ayon sa kanilang mga gawa, na walang alinlangang nagpapaliwanag sa salitang "lalo na") 10-22.

4. Ang kanilang mga katangian ay inilarawan ni Pedro

a. Sa pamamagitan ng tuwirang pahayag - 10, 12, 14, 15, 18, 19

b. Sa pamamagitan ng mga paglalarawan at halimbawa - 12a, 13p, 14p, 15, 16, 17, 19m, 22

c. Sila ay napaka-aktibo - 10, 12p, 13m, 14a, 15p, 18a

d. Sila mismo ay mga biktima - 10a, 12m, 13p, 17m, 19m, 20p

e. Sila ay kabilang sa mga nagpapakilalang banal - 1, 22

5. Ang kanilang mga biktima ay mga kaluluwang hindi matatag - 14

6. Ipinahayag ang kanilang paghatol - 12, 13, 17p.

III. KABANATA TATLO

A. Pagpapatuloy ng kabanata 2, tungkol sa mga bulaang guro.

1. Muling pagpapahayag ng layunin ng pagsulat (naglalaman ng parehong mga bahagi na nasa kabanata 1:12-15, ngunit mas maikli sa tatlong talata) - 1-3

a. Pukawin ang kanilang malinis na isip (kailangang pukawin ang alaala)

b. Pansinin ang sinalita ng mga Banal na Propeta (mga propeta ng L.T. dito)

c. Pansinin ang sinalita ng mga apostol (B.T., pansinin ang pagkakasunod na ito).

d. Dahil sa pagdating ng mga tumalikod.

2. Lalo pang inilarawan ang mga manunuyang ito - May isang hakbang na pasulong dito, tila, mula sa kab. 2. Doon, sila'y pumasok nang lihim; dito, sila'y hayagang manunuya.

3. Nagpapakita ng karagdagang bahagi mula sa kabanata 2.

a. Tinuya rin nila ang katotohanan ng pagdating ni Cristo - 4

4. Dito, nakikita natin ang sadyang pagtanggi sa mga katotohanan ng kasaysayan - 4p-6

5. Ipinahayag ang darating na paghatol, at ang paraan nito - 7

6. Paliwanag sa tila pagkaantala, sa atin, - mga nilalang na pang-isang araw lamang, 8-9

a. Ang isang libong taon sa Diyos ay gaya ng isang araw, at gayundin naman ang kabaligtaran.

(1) Kaya, ang ating pagtantiya ng panahon ay hindi ang dapat na sukatan

b. Ang dahilang ibinigay para sa araw ng biyaya

7. Inilarawan ang paghatol (tinawag na "ang araw ng Panginoon". Ito ang kasukdulan nito. Nagaganap ito pagkatapos ng milenyo) - 10-11

a. Ang ating buhay ngayon ay dapat maapektuhan ng mga pangyayaring ito na magaganap 1000 taon sa hinaharap - 11p

b. Inulit ang mga katotohanang ito at ipinahayag ang hangaring maapektuhan tayo ng mga ito sa ikabubuti - 12-14

(1) "Na hinihintay at pinakananasa, atbp." (ibig sabihin, sa pamamagitan ng ating buhay, gaya ng sa tal. 11p) - 12

8. Sumunod ang bagong langit at lupa, - ito ang Walang Hanggang Kalagayan, pagkatapos ng milenyo - 13

9. Isang pag-uulit ng tal. 9. Ang "kaligtasan" dito ay maaaring higit pa sa kaligtasan ng mga makasalanan mula sa pagkakasala at paghatol. Maaaring kasama rito ang mga banal, at tumutukoy sa ating buhay, sa pagiging kapaki-pakinabang nito, - gayon ang ipinahihiwatig ng konteksto. Kinikilala ang sulat ni Pablo, at maaaring ito ang Sulat sa mga Hebreo. Ang sulat na ito ni Pablo, sa mga Judio, ay ibinukod sa lahat ng kaniyang mga sulat - 15

10. Mga puna tungkol sa mga sulat ni Pablo, at ang maling paggamit ng ilan sa mga ito, 16

11. Muling binuod ang mga layunin ng pagsulat sa kanila - 17-18

a. Sa negatibong paraan

b. Sa positibong paraan

(1) Nagtatapos sa layunin ng lahat, - ang Kaluwalhatian ni Cristo.